

ANG AMERICAN PRESIDENTIALISM AY HINDI ANGKOP SA ATING BAYAN

Ang Presidential System ng Estados Unidos, ay hindi angkop sa ating Bayan, dahil nagmula ito sa kakaibang balangkas at nagsilbi ito ng kakaibang layunin.

Ang American Presidentialism ay nagmula sa puna at pasya ng kanilang mga ninunong tagapagtatag na ang mga kolonya ay nagdusa sa pang-aabuso ng malawakang kapangyarihang tagapagbatas at tagapagpaganap ng monarkiya. Alinsunod nito, sa pagkatatag ng Estados Unidos ng Amerika na independente sa Britanya, sinadya nilang limitahan at hatiin ang kapangyarihan ng pamahalaang pederal, sa pamamagitan ng paghiwalay ng Presidente sa Kongreso, kabilang ang iba pang hakbanging ginawa. http://en.wikipedia.org/wiki/separation_of_powers

Sa bansang Pilipinas, hindi kailanman naging problema ang isang matatag at masigasig na pamahalaan. Sa halip, ang naging problema natin ay ang isang mahina at may takot na pamahalaan, na walang kakayahan o kapasyahang itaguyod ang kagalingang pangmadla, kapag ang interes ng mga mamamayan ay sumasalungat na sa pansariling interes ng makapangyarihang oligarkiya. Kapansin-pansin na ang oligarkiya, na binubuo ng iilang malalapit at higit na maykayang mga pamilya, ay patuloy na nangangasiwa ng malakas na impluwensya sa pulitika at ekonomiya ng bansa sa nakaraang pitumput limang (75) taon (mula noong Konstitusyon ng 1935). Kaya, ang batayan at layunin ng Presidensyalismong Amerikano ay hindi na-aangkop sa ating Bayan.

Ang bulag-bulagang at pandarayang pagtanggap ng American Presidentialism ay nagpapatibay lamang sa pagsakal ng oligarkiya. Una, pinapahina nito ang kakayahan ng pamahalaan na magsagawa at magpatupad ng mga repormang pambatas, dahil pinaghiwalay ang Presidente sa Kongreso, kung saan sila mismo ang nag-aaway-away. Pangalawa, pinapahina nito ang kakayahan ng mga karaniwang mamamayan na magsagawa ng pangkinatawang demokrasya, dahil likas na nangingibabaw ang mga “sikat” at “mayamang” kandidato sa direktang pambansang halalan (sa Presidente at mga Senador).

Kahit sa ilalim ng sistemang Amerikano, ang Presidente at mga Senador ay di direktang naihalal sa buong bansa. Ang mga pederal na Senador ay naihalal sa lebel ng lokal na estado. Sa kabilang banda, ang Presidenteng Amerikano ay naihalal ng isang asamblea, kung saan ang mga kinatawan nito ay naihalal din sa lebel ng lokal na estado.

Kaya, hayagang tinataguyod ang pagtanggap ng Kongresong parlamento sa bansang Pilipinas. Una, ang panukalang istruktura ay magpapatibay sa kakayahan ng pamahalaan na magsagawa at magpatupad ng mga repormang pambatas, sa pamamagitan ng pagsasanib ng Presidente sa Kongreso, na magiging parlamentong Kongreso. Pangalawa, pinagpapatibay nito ang kakayahan ng mga karaniwang mamamayan na magsagawa ng pangkinatawang demokrasya, sa pamamagitan ng pag-palit ng direktang pambansang halalan sa Presidente at mga Senador, at sa halip ay di direktang pambansang halalan sa Presidente, kasabay ang pang-rehiyon na halalan sa mga Senador, lokal na halalan sa mga Representante ng Distrito, at sektoral na halalan sa mga Representante na Party-List.

Itinataguyod ang pantay-pantay na demokratikong halalan sa lokalisasyon ng proseso ng pagpili ng kinatawan, dahil tinatangal nito ang lamang ng mga “sikat” at “mayamang” kandidato, kaya pinapalawak naman ang talaan ng mga kandidatong may kakayahang manalo sa mga pambansang katungkulan.

Ang artikulong ito ay sinulat na *ex-gratia* ni Demosthenes B. Donato para sa
We Citizen Advocates for Reforms Movement (We Care), Inc.
(Kilusan ng Mamamayang Nagmamalasakit sa Bayan).
Ang lahat ng intellectual property rights ay binibigay sa public domain.